2022 PACT ACT: PAG-UNAWA SA ELIGIBILITY SA HEALTH CARE AT MGA BENEPISYO

PACT ACT OVERVIEW

Ano ang PACT Act? Bakit ito mahalaga?

Ang PACT Act ay isang bagong batas na nagpapalawak ng health care ng VA at mga benepisyo para sa mga Beterano na nahantad sa mga burn pit at iba pang mga nakakalason na sangkap. **Tinutulungan kami ng batas na ito na magbigay sa mga henerasyon ng mga Beterano—at sa kanilang mga survivor—ng pangangalaga at mga benepisyo na karapatan nilang makuha.**
Ang Act ay (1) nagpapalawak ng eligibility para sa health care ng VA para sa mga Beterano na may mga pagkakahantad sa lason at mga Beterano ng Vietnam era, Gulf War era, at Post-9/11 era, at (2) nagpapalawak ng eligibility sa mga benepisyo para sa mga Beterano na nahantad sa nakakalason na mga sangkap.

Ano ang ibig sabihin ng acronym na PACT?

Sergeant First Class Heath Robinson Honoring Our **Promise to Address Comprehensive Toxics** (PACT) Act of 2022.

Kailan magkakabisa ang batas?

Habang nagkakabisa ang ilang probisyon sa iba't ibang panahon, isinasaalang-alang ng VA ang mga presumptive condition na itinatag sa PACT Act na naaangkop sa petsa kung kailan nilagdaan ang PACT Act bilang batas (Agosto 10, 2022). **Ang lahat ng mga Beterano at mga survivor na naniniwala na maaaring may karapatan sila sa mga benepisyo ay hinihikayat na mag-apply ngayon.**

Ano ang mga pangunahing bahagi ng PACT Act?

- Ang Act ay **nagpapalawak ng eligibility para sa health care ng VA** para sa mga Beterano na may mga pagkakahantad sa lason at mga Beterano ng Vietnam era, Gulf War era, at Post-9/11 era.
- Ang VA ay **magpapabuti ng proseso ng paggawa ng desisyon** para sa pagtukoy kung anong mga kondisyong medikal ang isasaalang-alang para sa presumptive status.
- Bawat naka-enroll na Beterano ay makakatanggap ng paunang **toxic exposure screening** at isang follow-up na screening nang hindi bababa sa bawat limang taon. Ang mga Beterano na hindi naka-enroll, ngunit kawalipikadong mag-enroll, ay magkakaroon ng pagkakataong mag-enroll at tumanggap ng screening.
- Ang mga kawani ng health care ng VA at mga nagpoproseso ng claim ay makakatanggap ng **edukasyon at pagsasanay na nauugnay sa pagkakahantad sa lason**.
- Ang Act ay nangangailangan ng mga **pananaliksik** tungkol sa dami ng namamatay na mga Beterano na naglingkod sa Timog-kanlurang Asya sa panahon ng Gulf War, mga health trend ng mga Beterano ng Post-9/11, at mga cancer rate ng mga Beterano.
- Tutulungan ng Act ang VA na **bumuo ng mas malakas, mas bihasang manggagawa** upang matugunan ang lumalaking pangangailangan para sa mga benepisyo at serbisyo.
- Ang Act ay nagpapahintulot sa **31 bagong pasilidad** sa buong bansa, na nagbibigay ng higit na access sa health care ng VA.

Ano ang Pagkakahantad sa Lason?

Bilang pangkalahatang usapin, may ilang uri ng posibleng pagkakahantad o panganib na maaaring naranasan ng mga Beterano sa panahon ng kanilang serbisyo militar, kabilang ang:

- **MGA AIR POLLUTANT:** Mga burn pit, oil well fire sulfure fire, buhangin, alikabok, at partikulo
- **MGA KEMIKAL:** Agent Orange o iba pang herbicide, burn pit, mga supply ng tubig sa Camp Lejeune, mga pesticide, depleted uranium, chromium, o mga pang-industriyang solvent
- **RADIATION:** Pag-testing sa mga nuclear weapon, x-ray, o depleted uranium
- **MGA WARFARE AGENT:** Mga kemikal na warfare agent, mga nerve agent, mustard gas, mga herbicide test, at storage
- **MGA PANGANIB SA TRABAHO:** Asbestos, tingga, fuel, pang-industriya na solvent, radiation, vibration, ingay, espesyal na pintura sa mga sasakyang pangmilitar, at ilang mga coolant o insulating fluid

2022 PACT ACT: PAG-UNAWA SA ELIGIBILITY SA HEALTH CARE AT MGA BENEPISYO

MGA BENEPISYO NG PACT ACT

AGOSTO 10, 2022:
Nilagdaan ang PACT Act bilang batas

EPEKTIBO NGAYON:
Nagdadagdag ng 20+ bagong presumptive conditions. Tumutukoy sa eligibility sa mga benepisyo para sa mga Beterano at mga survivor.

Para sa mga Beterano ng Gulf war at Post-9/11: Brain cancer, Glioblastoma, anumang uri ng Respiratory (kaugnay sa paghinga) cancer, anumang uri ng Gastrointestinal cancer, anumang uri ng Head cancer, anumang uri ng Lymphoma, Neck cancer, Pancreatic cancer, anumang uri ng Reproductive cancer, Kidney cancer, Melanoma, Asthma (na-diagnose pagkatapos ng serbisyo), Chronic rhinitis, Chronic sinusitis, Constrictive bronchiolitis, o obliterative bronchiolitis, Emphysema, Granulomatous disease, Interstitial lung disease (ILD), Pleuritis, Pulmonary fibrosis, Sarcoidosis, Chronic bronchitis, Chronic obstructive pulmonary disease (COPD).

Para sa mga Beterano ng Vietnam at iba pang Beterano na nahantad sa mga taktikal na herbicide, kabilang dito ang dalawang presumptive condition ng Agent Orange: Monoclonal gammopathy of undetermined significance (MGUS), Mataas na presyon ng dugo (hypertension).

ENERO 1, 2023:
Sisimulan ng VBA ang pagpoproseso ng mga claim.

Ano ang presumption of service connection?

Ipinapalagay ng VA na ang ilang mga sakit o karamdaman ay maaaring nauugnay sa serbisyo militar ng isang Beterano. **Ang mga Beterano at ang mga survivor nila ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo at serbisyo sa health care** para sa mga kondisyong ito.

Anong mga bago o pinalawak na presumtion ang gagawin ng Act at kailan ito magkakabisa?

Ang mga Beterano at survivor ay maaaring maghain kaagad ng mga claim para sa lahat ng mga kondisyong nakabalangkas sa PACT Act.

Para sa mga Beterano ng Gulf War at Post-9/11, kabilang dito ang: Brain cancer, Glioblastoma, anumang uri ng Respiratory (kaugnay sa paghinga) cancer, anumang uri ng Gastrointestinal cancer, anumang uri ng Head cancer, anumang uri ng Lymphoma, anumang uri ng Lymphomatic cancer, Neck cancer, Pancreatic cancer, anumang uri ng Repriductive cancer, Kidney cancer, Melanoma, Asthma (na-diagnose pagkatapos ng serbisyo), Chronic rhinitis, Chronic sinusitis, Constrictive bronchiolitis, o obliterative bronchiolitis, Emphysema, Granulomatous disease, Interstitial lung disease (ILD), Pleuritis, Pulmonary fibrosis, Sarcoidosis, Chronic bronchitis, Chronic obstructive pulmonary disease (COPD).

Para sa mga Beterano ng Vietnam at iba pang Beterano na nahantad sa mga taktikal na herbicide, kabilang dito ang dalawang presumptive condition ng Agent Orange: Monoclonal gammopathy of undetermined significance (MGUS), Mataas na presyon ng dugo (hypertension).

Maaari bang mag-apply ngayon ang mga Beterano?

Isinasaalang-alang ng VA ang mga presumptive condition na itinatag sa PACT Act upang maging naaangkop sa petsa ng pagiging batas ng panukalang batas. **Hinihikayat namin ang lahat ng Beterano na naniniwala na maaaring karapat-dapat sila sa mga benepisyo na mag-apply ngayon.**

Anong ebidensya ang dapat isumite ng mga Beterano kapag naghain ng claim?

Dapat magsumite ang mga Beterano ng anumang sumusuportang ebidensya kasama ng kanilang mga claim. Ang PACT Act ay nagsasaad na sa pagproseso ng mga claim para sa kabayaran na nauugnay sa pagkakahantad sa lason, **maaaring isaalang-alang** ng VA **ang anumang Veteran record sa isang exposure tracking record system**. Kung walang rekord, maaaring isaalang-alang ng VA ang kabuuan ng mga pangyayari. Ang mga nagpoproseso ng claim ay maaari ring tumulong sa mga Beterano na maghain ng claim sa pamamagitan ng pangangalap ng anumang natukoy na medikal na ebidensya at paghiling ng pagsusuri o medikal na opinyon upang patunayan ang claim.

Ang mga Beterano na karapat-dapat na ngayon para sa mga benepisyo batay sa presumption of service connection ay hinihikayat na maghain ng claim gamit ang VA Form 21-526EZ, Application for Disability Compensation at Related Compensation Benefits, o isang karagdagang claim gamit ang VA Form 20-0995, Decision Review Request: Supplemental Claim.

Kung ang isang Beterano ay tinanggihan dati ng isang claim para sa alinman sa mga kondisyong ito, ano ang maaari nilang gawin?

Makikipag-ugnayan ang VA sa mga Beterano kapag ang presumption of service connection ay naitatag o nabago. Gayunpaman, ang mga Beterano na dating natanggihan ng claim na nauugnay sa pagkakahantad sa lason ay hinihikayat na maghain ng karagdagang claim. **Sa sandaling matanggap ang supplemental claim, susuriin ng VA ang claim sa ilalim ng bagong batas.**

Anong mga aksyon ang dapat gawin ng mga Beterano na hindi kailanman naghain ng claim para sa isa sa mga kondisyong ito?

Ang mga Beterano na na-diagnose na may isa sa mga bagong presumptive condition at nakakatugon sa mga kinakailangan sa eligibility ay dapat magsumite ng bagong claim para sa pagsasaalang-alang gamit ang VA Form 21-526EZ, Application for Disability Compensation at Related Compensation Benefits.

Paano maghahain ang isang Beterano ng disability claim?

Alamin ang higit pa sa
VA.gov/disability/how-to-file-claim/

Tumawag Benefits hotline (para sa mga partikular na tanong) sa 1-800-827-1000

Bumisita sa isang VBA Regional Office
VA.gov/benefits/offices.asp

Makipagtulungan sa isang akreditadong VSO
VA.gov/ogc/apps/accreditation/index.asp

2022 PACT ACT: PAG-UNAWA SA ELIGIBILITY SA HEALTH CARE AT MGA BENEPISYO

MGA BENEPISYO NG PACT ACT

Makakatanggap ba ng anumang mga benepisyo ang mga miyembro ng pamilya o mga dependent—yaong nawalan ng mahal sa buhay sa proseso ng muling paghatol o yaong nawalan ng mahal sa buhay na dati nang natanggihan ng claim—dahil sa PACT Act?

Ang mga miyembro ng pamilya o mga dependent ng isang namatay na Beterano ay **maaaring maging kwalipikado para sa iba't ibang mga benepisyo ng VA** dahil sa mga karagdagang kapansanan na tinukoy sa PACT Act kung natutugunan nila ang mga kinakailangan sa eligibility. Kasama sa mga benepisyong makukuha ang Dependency and Indemnity Compensation (DIC), Accrued, at mga Burial benefit.

» Ang **DIC** ay buwanang bayad para sa kwalipikadong buhay na asawa, (mga) dependent na anak, o (mga) magulang ng isang namatay na Beterano na namatay dahil sa tungkulin o mula sa (mga) kapansanan na konektado sa serbisyo. Dapat ipakita ng ebidensya na ang pagkamatay ng Beterano ay sanhi ng, o nauugnay sa, oras ng Beterano sa serbisyo. Dapat kumpletuhin ng mga survivor na gustong maghain ng claim ang VA Form 21P-534EZ para mag-apply para sa mga benepisyo at magsumite ng anumang sumusuportang ebidensya.

» Ang **Accrued benefits** ay minsanang bayad sa kwalipikadong buhay na asawa, (mga) dependent na anak, o (mga) dependent na magulang ng isang namatay na Beterano batay sa relasyon kapag ang ebidensya ng rekord ay nagpapakita na ang mga benepisyo, tulad ng kabayaran sa kapansanan o pensiyon ng mga Beterano, ay dapat bayaran ngunit hindi nabayaran bago ang pagpanaw ng Beterano. Ang isang miyembro ng pamilya ng namatay na Beterano ay maaari ring maging kuwalipikado sa pamamagitan ng pagbibigay ng katibayan ng pagbabayad para sa panghuling gastos o paglilibing ng Beterano. Dapat kumpletuhin ng mga survivor na gustong maghain ng claim ang VA Form 21P-534EZ O VA Form 21P-601 para mag-apply para sa mga benepisyo at magsumite ng anumang sumusuportang ebidensya.

» Ang **mga Burial benefit** ay isang flat-rate payment na sumasakop sa paglilibing ng kwalipikadong Beterano sa isang pambansang sementeryo at mga gastos sa libing. Maaaring magbigay ang VA ng mga burial benefit sa isang miyembro ng pamilya o dependent ng isang namatay na Beterano na nakamit ang mga kwalipikasyon sa oras ng kanilang pagpanaw. Nagbabayad ang VA ng libing na konektado sa serbisyo, libing na hindi konektado sa serbisyo, allowance ng plot o interment, at reimbursement ng transportasyon. Dapat kumpletuhin ng mga indibidwal na gustong maghain ng claim ang VA Form 21P-530EZ para mag-apply para sa mga benepisyo at magsumite ng anumang sumusuportang ebidensya.

» Ang **Health care through the Civilian Health and Medical Program of the Department of Veterans Affairs (CHAMPVA)** ay maaari ring maging available para sa mga survivor at dependent ng mga Beterano na ngayon, o kung sana, ay kwalipikado para sa isang kapansanan na konektado sa serbisyo.

2022 PACT ACT: PAG-UNAWA SA ELIGIBILITY SA HEALTH CARE AT MGA BENEPISYO

ELIGIBILITY SA HEALTH CARE NG PACT ACT

Ano ang mga bagong pamantayan sa eligibility sa health care?

Tumutulong ang PACT Act na isulong ang pangunahing priyoridad ng VA: pagkuha ng mas maraming Beterano para sa VA care sa pamamagitan ng pagpapalawak ng eligibility para sa, at availability ng, mga serbisyo sa health care para sa mga Beterano. Ang batas ay **nagpapalawak ng eligibility sa health care** sa ilang grupo ng mga Beterano na maaaring hindi naging kwalipikado noon at nangangailangan ng VA na **magyugto sa pangangalaga sa ospital, mga serbisyong medikal, at pangangalaga sa nursing home para sa anumang karamdaman sa tatlong bagong kategorya** ng mga Beterano.

» **KATEGORYA 1:** Mga Beterano na lumahok sa toxic exposure risk activity (ayon sa tinukoy ng batas) habang naglilingkod sa aktibong tungkulin, aktibong tungkulin para sa pagsasanay, o hindi aktibong pagsasanay sa tungkulin.

» **KATEGORYA 2:** Mga Beterano na itinalaga sa isang duty station sa (kabilang ang airspace sa itaas) ilang partikular na lokasyon sa mga partikular na yugto ng panahon:

- Noong o pagkatapos ng Agosto 2, 1990, sa: Bahrain, Iraq, Kuwait, Oman, Qatar, Saudi Arabia, Somalia, o United Arab Emirates
- Noong o pagkatapos ng Septiyembre 11, 2001, sa: Afghanistan, Djibouti, Egypt, Jordan, Lebanon, Syria, Yemen, Uzbekistan, o anumang ibang bansa na tinutukoy ng VA.

» **KATEGORYA 3:** Mga Beterano na nagtalaga ng suporta sa Operation Enduring Freedom, Operation Freedom's Sentinel, Operation Iraqi Freedom, Operation New Dawn, Operation Inherent Resolve, o Resolute Support Mission.

» **EPEKTIBO SA PAGSASABATAS (AGOSTO 10, 2022):** Maaaring mag-enroll sa health care ng VA ang mga Beterano na naglingkod sa **Republic of Vietnam** (mula 1/9/62–5/7/75), **Thailand** sa anumang base ng US o Royal Thai (mula 1/9/62–6/30/76), **Laos** (mula 12/1/65–9/30/69), ilang probinsya sa **Cambodia** (mula 4/16/69–4/30/69), **Guam**, o **American Samoa** o sa kanilang teritoryong katubigan (mula 1/9/62–7/31/80), o ang **Johnston Atoll** o isang barko na tumawag doon (mula 1/1/72–9/30/77).

» **SA PAGITAN NG OKTUBRE 1, 2022, AT OKTUBRE 1, 2023:** Maaaring mag-enroll sa health care ng VA ang mga Beterano na naglingkod sa aktibong tungkulin sa mga theater of combat operation sa panahon ng digmaan **pagkatapos ng Persian Gulf War** o sa pakikipaglaban sa hostile force sa panahon ng labanan pagkatapos ng Nobyembre 11, 1998, at pinaalis o pinalaya sa pagitan ng Septiyembre 11, 2001, at Oktubre 1, 2013. Libre ang enrollment, walang taunang gastos, at maaaring libre rin ang pangangalaga.

MGA PANGUNAHING PETSA NG PACT ACT ELIGIBILITY

AGOSTO 10, 2022:
Nilagdaan bilang batas ang PACT Act

SA PAGSASABATAS (AGOSTO 10, 2022):
Maaaring mag-enroll sa health care ng VA ang mga Beterano na naglingkod sa Republic of Vietnam, Thailand, Laos, ilang probinsya sa Cambodia, Guam, o American Samoa (o kanilang teritoryong katubigan), o ang Johnston Atoll (o isang barkong tumawag doon) sa mga partikular na yugto ng panahon.

OKTUBRE 1, 2022 - SETYEMBRE 30, 2023:
Maaaring mag-enroll sa health care ng VA ang mga Beterano na naglingkod sa aktibong tungkulin sa mga theater of combat operation sa panahon ng digmaan pagkatapos ng Persian Gulf War o sa pakikipaglaban sa hostile force sa panahon ng labanan pagkatapos ng 11/11/98, at pinaalis o pinalaya sa pagitan ng 9/ 11/01–10/1/13

NOBYEMBRE 8, 2022:
Simulan ang pagsasama ng toxic exposure screening para sa mga naka-enroll na mga Beterano.

OKTUBRE 1, 2024:
Yugto sa enrollment para sa health care sa mga Beterano na tinukoy sa Kategorya 1 at 2 na pinaalis o pinalaya noong Agosto 2, 1990 - Septiyembre 11, 2001.

OKTUBRE 1, 2026:
Yugto sa enrollment para sa health care sa mga Beterano na tinukoy sa Kategorya 1 at 2 na pinaalis o pinalaya noong Septiyembre 12, 2001 - Disyembre 31, 2006.

OKTUBRE 1, 2028:
Yugto sa enrollment para sa health care sa mga Beterano na tinukoy sa Kategorya 1 at 2 na pinaalis o pinalaya noong Enero 1, 2007 - Disyembre 31, 2012.

OKTUBRE 1, 2030:
Yugto sa enrollment para sa health care sa mga Beterano na tinukoy sa Kategorya 1 at 2 na pinaalis o pinalaya noong Enero 1, 2013 - Disyembre 31, 2018.

OKTUBRE 1, 2032:
Yugto sa enrollment para sa health care sa mga Beterano na tinukoy sa Kategorya 3.

2022 PACT ACT: PAG-UNAWA SA ELIGIBILITY SA HEALTH CARE AT MGA BENEPISYO

ELIGIBILITY SA HEALTH CARE NG PACT ACT

Ano ang toxic exposure screening? Paano nito matutulungan ang mga Beterano?

Ang mga Beterano ay **tatanungin tungkol sa potensyal na pagkakahantad** sa isang bukas na burn pit o iba pang mga panganib na karaniwang nauugnay sa pagkakahantad sa kapaligiran ng militar. Makakatulong ito sa VA na matukoy ang iba pang mga potensyal na panganib para sa mga Beterano at ipaalam ang mga desisyon sa patakaran sa hinaharap.

Paano maaapektuhan ang eligibility ng isang Gulf War o Post-9/11 Combat Veteran?

Ang PACT Act ay nagpapalawak ng eligibility sa health care ng VA. **Ang lahat ng Beterano ay hinihikayat na mag-apply para sa health care ng VA, anuman ang petsa ng paghihiwalay.** Ang eligibility sa health care ng VA ay nakasalalay sa kasaysayan ng serbisyo at iba pang mga kadahilanan.

Ang mga Beterano na naglingkod sa aktibong tungkulin sa mga theater of combat operation sa panahon ng digmaan pagkatapos ng Persian Gulf War o sa pakikipaglaban sa hostile force sa panahon ng labanan pagkatapos ng Nobyembre 11, 1998, at pinaalis o pinalaya:

» Sa pagitan ng Septiyembre 11, 2001, at Oktubre 1, 2013, ay magkakaroon ng espesyal na panahon ng enrollment sa pagitan ng Oktubre 1, 2022, at Oktubre 1, 2023 (kung hindi naka-ennroll dati sa health care ng VA). Sa loob ng isang taong ito, ang mga Beterano ay magkakaroon ng isa pang pagkakataon na mag-apply para sa enrollment. Lubos naming hinihikayat silang gawin ito upang matiyak na magagamit ang health care ngayon at sa hinaharap. Libre ang enrollment, walang taunang gastos, at maaaring libre rin ang pangangalaga.

» Pagkatapos ng Oktubre 1, 2013, ay kwalipikado na mag-enroll sa health care ng VA sa loob ng 10 taon mula sa pinakahuling petsa ng paglabas o paghihiwalay.

Ano ang Burn Pit Registry? Paano magpaparehistro ang isang Beterano?

Ang VA Airborne Hazards and Open Burn Pit Registry ay naglalayong tulungan ang VA na mas maunawaan ang mga potensyal na epekto sa kalusugan ng mga pagkakahantad at maagap na tukuyin ang mga alalahanin sa kalusugan na maaaring talakayin ng mga Beterano sa kanilang mga health care provider para sa follow-up na pangangalaga.

Ang mga Beterano na na-deploy sa **Southwest Asia o Egypt** pagkatapos ng Agosto 2, 1990, o **Afghanistan, Djibouti, Syria, o Uzbekistan** noong opagkatapos ng Septiyembre 11, 2001, ay kwalipikado na lumahok sa pagpapatala.

Ang paglahok ay boluntaryo at **hindi maaaring makaapekto nang negatibo sa pag-access sa health care ng VA o mga claim sa compensation at mga benepisyo.** Ang pagkakahantad sa mga partikular na panganib sa hangin o pagkakaroon ng mga kaugnay na alalahanin sa kalusugan ay hindi kinakailangan upang lumahok sa pagpapatala.

Paano mag-aaplay ang isang Beterano para sa health care ng VA?

Mag-apply online sa VA.gov/health-care/apply/application/introduction

Tumawag sa toll-free hotline sa 877-222-8387
Lunes – Biyernes, 8:00 a.m. – 8:00 p.m. ET

Magpadala ng kompleto at nilagdaang Application for Health Benefits na VA Form 10-10EZ

Magdala ng kompleto at nilagdaang VA Form 10-10EZ sa pinakamalapit na VA Medical Center o clinic.

VA | U.S. Department of Veterans Affairs

Alamin ang higit pa at mag-sign up sa VA.gov
I-download ang VA Health and Benefits App
Tumawag sa 1-800-MyVA411 (1-800-698-2411)
Maghanap ng VA sa VA.gov/find-locations/